SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG DISYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NAIKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO........................... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.............................. Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar............................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison................................. Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon................................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas................................ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca................................. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.............................. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor............................. Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 375-T'2000

KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG PAHINTULOT SA EDVER CONSTRUCTION NA KUMULEKTA NG KAUKULANG KABAYARAN SA KAGAWARAN NG KATARUNGAN (DEPARTMENT OF JUSTICE) KAUGNAY NG PAGSASAAYOS NG TANGGAPAN NG PAMBAYANG HUKOM, SANTA CRUZ, LAGUNA.

SAPAGKA'T, sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 313-T'2000 ay niratipika / pinagtibay ang kontrata sa proyekto para sa pagsasaayos ng Tanggapan ng Pambayang Hukom sa Gusaling Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna;

SAPAGKA'T, ang naturang kontrata sa proyekto ay nasa ilalim ng pagsasagawa at pagsasakatuparan ng Edver Construction;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na bigyan ng pahintulot ang Edver Construction na kumulekta ng kaukulang kabayaran sa Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice) kaugnay ng pagsasaayos ng Tanggapan ng Pambayang Hukom, Santa Cruz, Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Kagawaran ng Katarungan, Lungsod ng Maynila, Kgg. Punong Bayan, bayang ito at mga kinauukulang tanggapan, para sa kanilang tanggapan at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

(Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 375-T'2000)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTUO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN Jr
Punong Bayan